Pansamantalang Gabay: Pagkuha ng Mga Temperatura para sa Screening sa Mga Sintomas ng COVID-19

Mayo 18, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post sa http://www.sfcdcp.org. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito habang nagbabago ang kaalaman, transmisyon sa komunidad, availability ng kagamitan para sa personal na proteksyon (personal protective equipment, PPE), at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga negosyong inaatasang magsagawa ng pagkuha ng temperatura, gaya ng mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, programa sa pangangalaga sa bata, at shelter. Ang itinalagang negosyong ito ay magsasagawa ng pagkuha ng temperatura para screening sa mga sintomas ng COVID-19 sa mga tauhang papasok sa trabaho o iba pang taong papasok sa gusali. Dapat gamitin ang gabay **alinsunod** sa gabay sa Pagtatanong para sa Screening sa COVID-19 (Asking COVID-19 Screening Question), na makikita sa www.sfcdcp.org/symptom-screen. Kasama sa "Negosyo" ang maraming uri ng organisasyon, gaya ng mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, nonprofit na organisasyon, employer, community-based na organisasyon at iba pa. Kasama sa "Tauhan" ang mga empleyado, nakakontratang manggagawa, gig-worker, volunteer at iba pa.

Hindi inilaan ang gabay na ito para i-screen ang mga pasyente o pangmatagalang panahong residente bilang bahagi ng prosesong medikal o ng triage. Ang mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay dapat sumangguni sa "Pagiging Handa sa COVID-19 at Toolkit sa Pamamahala para sa Mga Pasilidad ng Sanay na Pangangalaga" (COVID-19 Preparedness and Management Toolkit for Skilled Nursing Facilities) na makikita sa https://www.sfcdcp.org/covid19hcp.

Mga Grupong Inirerekomendang Magsagawa ng Pagkuha ng Temperatura

Puwedeng pagtatanong lang ang gawin sa screening para sa COVID-19, o parehong pagtatanong at pagkuha ng temperatura. Ang impormasyon tungkol sa kung paano Magtanong para sa Screening ay makikita rito: www.sfcdcp.org/symptom-screen . Sa San Francisco, ang ilang negosyo at organisasyon ay inaatasan lang tanungin ang mga tauhan tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 bago sila magsimulang magtrabaho sa bawat araw bilang bahagi ng kautusan o direktiba ng Opisyal ng Kalusugan, at **hindi** kailangan ang pagkuha ng temperatura. Para sa pinakabagong listahan ng mga kautusan at direktiba ng Opisyal ng Kalusugan, at kung anong mga negosyo ang kailangang sumunod dito, sumangguni sa: https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp. Ang ibang negosyo at organisasyon ay hinihikayat na tanungin ang mga tauhan tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 bago nila simulan ang bawat araw, kahit na hindi ito iniutos na gawin at na **hindi** magsagawa ng pagkuha ng temperatura.

Bukod pa riyan, inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang **parehong** pagtatanong para screening sa COVID-19 **at** pagkuha ng temperatura ng ilang partikular na grupo pagkarating nila sa mga **partikular** na lugar na pinagtatrabahuan o pasilidad, kasama ang mga manggagawa o iba pang taong pumapasok sa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, nursing home, at bilangguan, kliyenteng pumupunta sa mga tahanan para sa mga walang matirhan, at mga bata sa mga programa sa pangangalaga sa bata.

Hindi dapat palitan ng pagkuha ng temperatura ng mga tauhang papasok sa pasilidad ang mga mas epektibong panukala gaya ng pagpapanatili ng 6 na talampakang distansya, paglalagay ng mga pisikal na harang gaya ng glass o plastic window kung saan makakapagtrabaho ang mga tao nang may 6 na talampakang distansya sa isa't isa, at pagpapasuot ng face mask o takip sa mukha sa lahat ng tao sa gusali.

Inirerekomenda ng CDC ang pagtatanong tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 at pagkuha ng temperatura ng mga sumusunod na grupo sa pagpasok nila sa gusali:

- Mga tauhang nagtatrabaho sa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan
- Mga tauhan sa mga nursing home at iba pang pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga
- Mga tauhan, bisita at nakakulong na tao sa bilangguan
- Ang mga manggagawa sa Kritikal na Imprastruktura na pinapayagang patuloy na magtrabaho matapos ang malapit na pakikipag--ugnayan[i] sa isang taong pinaghihinalaan o nakumpirmang may COVID-19, kasama ang
  - Pagpapatupad ng batas ng pederal, estado, at lokal
  - Mga empleyado ng 911 call center
  - Mga empleyado ng Fusion Center
  - Mga tagaresponde sa mga mapanganib na materyal mula sa gobyerno at pribadong sektor
  - Janitorial staff at iba pang custodial staff
  - Mga manggagawa – kasama ang mga nakontratang vendor – sa pagkain at agrikultura, kritikal na pagmamanupaktura, informational technology, transportasyon, enerhiya at mga pasilidad ng gobyerno
- Mga kliyenteng pumupunta sa mga tahanan para sa mga walang matirhan
- Mga batang pumupunta sa mga programa sa pangangalaga sa bata, kasama ang mga pre-K (pre-kindergarten) program

  Nakasaad sa mga alituntunin ng CDC na puwedeng payagan ng mga programa sa pangangalaga sa bata ang mga magulang na kunan ng temperatura ang bata gamit ang thermometer bago pumasok o pagkarating sa eskwelahan, pagkatapos ay iulat ang temperatura sa pangangalaga sa bata. Puwedeng kasama sa mga programa sa pangangalaga sa bata ang:
  - Mga programa sa pangangalaga sa bata ng pamilya, na tinatawag ding pangangalaga sa bata sa bahay
  - Mga pre-K (Pre-kindergarten) program sa mga pribado at pampublikong paaralan
  - Mga Head Start at Early Head Start program
  - Mga pribadong center ng pangangalaga sa bata

Dapat bang kunan ng temperatura ng ibang negosyo ang mga tauhan o ibang taong papasok sa kanilang mga gusali?

Sa ngayon, hindi inirerekomenda ng Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) sa lahat ng negosyo ang regular na pagkuha ng temperatura ng mga tauhan para ma-screen sa posibleng pagkakaroon ng COVID-19. Kinikilala ng CDC na ang "screening para sa lagnat at sintomas ay napatunayang hindi epektibo sa pagtukoy ng lahat ng apektadong indibidwal." Ito ay dahil ang mga taong may COVID-19 ay puwedeng makaimpeksyon ng ibang tao bago pa sila magkasakit, at ang ilang taong may COVID-19 ay hindi nagkakasakit, pero puwede pa ring makahawa.

Ang mga pakinabang ng pagtatanong tungkol sa mga sintomas at pagkuha ng mga temperatura ay mainam sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kapag nalantad sa COVID-19 ang maraming manggagawa sa kritikal na imprastruktura, at kakailanganing mag-quarantine ang mga manggagawa sa kanilang bahay sa loob ng 14 na araw, magreresulta ito sa kakulangan ng tauhan.

Ang mga enclosed na lugar kung saan puwedeng mabilis na kumalat ang COVID-19 kung mapag-aalamang mayroon sa pasilidad, gaya ng nursing home, at bilangguan

Ang mga sitwasyon kung saan ang mga mas epektibong panukala gaya ng pagpapanatili ng 6 na talampakang distansya sa isa't isa at pagpapasuot ng facemask/takip sa mukha ay hindi posible, gaya ng mga programa sa pangangalaga sa bata.

Mga lugar na nagseserbisyo sa mga taong may mataas na panganib ng malalang sakit na dulot ng COVID-19, gaya ng mga ospital, klinika at nursing home.

Dapat bang magpanatili ang mga negosyo ng rekord ng mga temperatura at sintomas ng mga tauhan?

Dapat alamin ng mga negosyo ang mga problema at kapakinabangan ng paghiling sa mga manggagawa na sagutan ang mga nakasulat na questionnaire. Sa ilalim ng mga kasalukuyang pamantayan, ang mga ganitong uri ng nakasulat na produkto ay magsisilbing mga rekord na dapat panatilihin sa kabuuan ng pagtatrabaho ng mga manggagawa dagdag pa ang 30 taon. Tingnan ang pamantayan sa Pag-access sa Mga Rekord ng Pagkakalantad at Kalusugan ng Empleyado ng Occupational Safety and Health Administration (OSHA) (Access to Employee Exposure and Medical Records) (29 CFR 1910.1020).

Paglalaan ng Mga Istasyon para sa Pagkuha ng Temperatura

Pagpasyahan kung sino ang kukunan ng temperatura: mga tauhan lang, kliyente lang, o lahat ng papasok sa gusali

Hindi inirerekomenda ng SFDPH ang pagkuha ng mga temperatura sa mga entrance ng gusali para sa mga pasyente o kliyente kung magdudulot ito ng pagkaantala sa pagbibigay ng mga kinakailangang paggagamot at social service.

Pagpasyahan kung sino ang magtatanong tungkol sa mga sintomas at sino ang kukuha ng temperatura.

Kung walang sapat na tauhan, ang oras na kinakailangan para mag-screen ay puwedeng magsanhi ng pagsisikip sa entrance, na makakaantala sa pagsisimula ng trabaho at magdudulot ng mahahabang pila.

Pagpasyahan kung saan isasagawa ang pagtatanong tungkol sa mga sintomas at pagkuha ng mga temperatura.

Hangga't maaari, dapat isagawa ang screening para sa sintomas at pagkuha ng temperatura bago pumasok sa gusali, o sa loob ng entrance ng gusali.

Kung sa labas isasagawa, dahil sa pagkakalantad sa hangin ay puwedeng bumaba ang temperaturang makukuha gamit ang non-touch (infrared) at temporal thermometer.

Mayroon dapat sapat na espasyo sa entrance para makapagpanatili ang mga tauhan ng 6 na talampakang distansya habang naghihintay na ma-screen at makunan ng temperatura sa

simula ng shift sa trabaho.

Maaaring kailanganing isara ang ilang entrance ng gusali para hindi makapasok ang ibang tao nang hindi nasi-screen at hindi nakukunan ng temperatura.

Dapat maglagay ng mga istasyon na may distansyang 6 na talampakan sa isa't isa, at nang napapanatili pa rin ang pagkakumpidensyal ng taong sini-screen.

Maglagay ng pisikal na harang, gaya ng glass window o plastik na harang sa mesa, para may pagitan sa taong kumukuha ng temperatura

Kung hindi makakapaglagay ng harang, ang taong kumukuha ng temperatura ay dapat magsuot ng sumusunod na personal protective equipment (PPE): facemask, proteksyon sa mata, at disposable gloves. Gayunpaman, hindi sapat na pamproteksyon ang PPE. Bukod pa riyan, dapat sanayin ang mga tauhan sa paggamit ng PPE.

Sa pagpili ng uri ng thermometer na gagamitin:

Inirerekomenda ng SFDPH ang mga non-touch (infrared) thermometer, na may mga sumusunod na pag-iingat:

- Ang mga non-touch thermometer ay hindi tumpak sa pagkuha ng temperatura kumpara sa mga oral thermometer, lalo na kapag ginagamit sa labas.
- Ang pagkuha ng temperatura nang masyadong malapit sa entryway o matapos agad ang isang pumasok sa gusali ay puwedeng hindi sinasadyang magbigay ng resulta na mataas o mababang temperatura depende sa temperatura sa labas.

Kung gumagamit ng mga oral thermometer, ang pagkain o pag-inom sa loob ng 30 minuto ay puwedeng magsanhi ng mga hindi tumpak na resulta.

Para sa lahat ng uri ng thermometer,

- Ang mas matataas na kalidad ng thermometer ay makapagbibigay ng mga mas tumpak na resulta.
- Gamitin ang mga alituntunin ng mga manufacturer sa muling pagkuha ng temperatura

Mga Proseso sa Pagkuha ng Mga Temperatura

Ang lahat ng nasa hustong gulang at adolescent na naghihintay na makunan ng temperatura ay dapat na nakasuot na ng facemask o takip sa mukha.

Magpa-screen muna para sa sintomas ng COVID-19. Ang mga tauhan at batang papasok sa mga pasilidad ng pangangalaga sa bata na papauwiin dahil sa mga sintomas ay hindi na kailangang kunan ng temperatura.

Anong temperatura ang itinuturing na lagnat?

Para sa pag-screen ng mga indibidwal na papasok sa isang lugar na pinagtatrabahuan, shelter, o pasilidad ng pangangalaga sa bata, itinuturing ng SFDPH may lagnat kung ang temperatura ay ≥100.0°F (37.8°C)

Kasalukuyang gumagamit ang CDC ng dalawang magkaibang pamantayan, 100°F (37.8°C) at 100.4°F (38°C) para sa mga setting ng pangangalaga sa kalusugan at hindi pangangalaga sa kalusugan, ayon sa pagkakabanggit. Para maging madali at dahil mas mababa ang nakukuhang

resulta sa infrared thermometer kaysa sa mga oral thermometer, nagrerekomenda ang SFDPH ng iisang pamantayan sa screening na 100°F/37.8°C para sa lahat maliban sa mga naninirahan sa mga nursing home/pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.

Mga hakbang sa pagkuha ng temperatura kapag may nakalagay na pisikal na harang (inirerekomenda)

Kapag kumukuha ng temperatura, pumuwesto sa likod ng pisikal na harang, gaya ng glass window o plastik na harang, para maprotektahan ang iyong mukha mula sa mga respiratory droplet na puwedeng manggaling mula sa pagbahing, pag-ubo, o pagsasalita ng kliyente

Pagkarating mo sa istasyon para sa pagkuha ng temperatura, maghugas ng kamay, at magsuot ng disposable gloves.

Sa paghuhugas ng kamay, gumamit ng sabon at gawin sa loob ng 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol, at ipahid hanggang sa matuyo.

Para kunin ang temperatura, ilabas ang kamay sa harang o window. Tiyaking natatakpan ng harang ang iyong mukha sa lahat ng pagkakataon.

Kung ang temperatura ay mababa sa 96°F (35.6°C), kunan ulit ng temperatura.

Kapag gumagamit ng non-touch (infra-red) o temporal thermometer, kung hindi mo hinawakan ang taong sini-screen, hindi mo kailangang magpalit ng gloves bago ang susunod na pagsusuri.

Kung gumagamit ng temporal thermometer, linisin ito gamit ang alcohol wipe (o isopropyl alcohol sa bulak) sa bawat kliyente. Puwede mong gamitin ulit ang parehong wipe hangga't basa pa ito.

Kung gumagamit ng oral thermometer, gumamit ng malinis na gloves para sa bawat indibidwal at linisin nang mabuti ang thermometer matapos ang bawat pagsusuri.

Sa pagtatapos ng shift o bago umalis sa lokasyong pinagkukunan ng temperatura, hubarin at itapon ang gloves at maghugas ng kamay gaya ng inilalarawan sa itaas.

Mga direksyon sa pagkuha ng temperatura kapag walang pisikal na harang (PPE lang):

Pagkarating, maghugas ng kamay at magsuot ng facemask, proteksyon sa mata (goggles o disposable face shield na tatakip sa harap at gilid ng mukha), at disposable gloves.

Ang eyeglasses ay hindi itinuturing na sapat na proteksyon sa mata dahil hindi nito natatakpan ang mga gilid ng mukha.

Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

Kunan ng temperatura. Kung ang temperatura ay mababa sa 96°F (35.6°C), kunan ulit ng temperatura.

Kapag gumagamit ng non-touch (infra-red) o temporal thermometer, kung hindi mo hinawakan ang taong sini-screen, hindi mo kailangang magpalit ng gloves bago ang susunod na pagsusuri.

Kung gumagamit ng temporal thermometer, linisin ito gamit ang alcohol wipe (o isopropyl alcohol sa bulak) sa bawat kliyente. Puwede mong gamitin ulit ang parehong wipe hangga't basa ito.

Kung gumagamit ng oral thermometer, gumamit ng malinis na gloves para sa bawat indibidwal at linisin

nang mabuti ang thermometer matapos ang bawat pagsusuri.

Sundin ang mga kasalukuyang rekomendasyon ng CDC para sa mga facemask at proteksyon sa mata na makikita sa

https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/ppe-strategy/face-masks.html

https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/ppe-strategy/eye-protection.html

Sa pagtatapos ng shift, o bago umalis sa lokasyon ng screening (hal., para mananghalian), hubarin at itapon ang PPE, at maghugas ng kamay.

Gumamit ng alcohol-based hand sanitizer na may kahit 60% alkohol man lang o maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo.

Kung kapansin-pansing marumi ang kamay, dapat munang maghugas gamit ang sabon bago gumamit ng alcohol-based hand sanitizer.

Sundin ang gabay ng iyong pasilidad para sa ligtas na pagsusuot at pagtanggal ng PPE. Kung walang gabay, ang mga inirerekomendang hakbang ng CDC sa pagsusuot at pagtanggal ng PPE ay makikita sa https://www.cdc.gov/niosh/npptl/pdfs/PPE-Sequence-508.pdf

Mga kondisyong makakaapekto sa mga resulta ng pagkuha ng temperatura

Ang ambient na temperatura, sikat ng araw at hangin ay makapagbibigay ng hindi tumpak na resulta gamit ang temporal o infrared thermometer kapag ginamit sa labas

Ang pag-inom at pagkain sa loob ng 30 minuto ay makapagbibigay ng mga hindi tumpak na resulta gamit ang oral thermometer

Ang pag-eehersisyo sa loob ng 30 minuto ay makapagpapataas ng temperatura gamit ang lahat ng device

Ang mga gamot gaya ng aspirin, acetaminophen (Tylenol), ibuprofen (Motrin), at naproxen (Aleve) ay makapagpapagaling ng lagnat.

Ang matatandang pasyente at immunocompromised na tao ay puwedeng magkaroon ng lagnat.

Ang mga pasyenteng namumuhay sa malalamig na kondisyon ay puwedeng magkaroon ng mababababang temperatura ng katawan sa kabila ng impeksyon. Makikita sa device na pangkuha ng temperatura ang aktuwal na temperatura ng katawan, pero ang temperatura ng katawan ay hindi tataas bilang tugon sa impeksyon.

Kung May Lagnat ang Isang Indibidwal

Ang tauhang may lagnat o mga sintomas ay dapat pauwiin kaagad, ipaalam sa supervisor, at tawagan ang kanilang pangunahing provider ng pangangalaga o medical home. Ang mga batang nasa programa ng pangangalaga sa bata ay hindi dapat papasukin hangga't may sintomas. Para sa iba pang grupo, sumangguni sa protocol ng organisasyon.

Ang mahahalagang negosyo at iba pang negosyong pinapayagang tumakbo sa ilalim ng Mga Direktiba sa Kalusugan ay dapat payuhan ang kanilang mga tauhan na sumangguni sa “Kinakailangang Handout para sa Mga Tauhan ng Mahalagang Negosyo at Iba Pang Negosyong Pinapayagang Tumakbo sa Panahon ng Pangkalusugang Emergency” (Required Handout for Personnel of Essential Business and

Other Businesses Permitted to Operate During the Health Emergency) para sa iba pang tagubilin. Makikita ang dokumentong ito online sa www.sfcdcp.org/screening-handout.

Ang mga tauhan at batang hindi kasama sa trabaho ay dapat na hikayating magpasuri sa COVID-19, hangga't maaari ay sa kanilang primary care provider (PCP) o medical home. Puwedeng i-assess ng PCP ang panganib ng tao sa malalang sakit na dulot ng COVID-19 at magbigay ng naaangkop na follow-up na pangangalaga. Nakalista ang iba pang opsyon sa pagpapasuri sa: https://sf.gov/find-out-how-get-tested-coronavirus

Hindi hinihikayat ng SFDPH ang mga negosyo at employer na hindi nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan na manghingi ng abiso sa pagbalik sa trabaho hangga't sinusunod ng mga indibidwal ang Gabay sa Pagbalik sa Trabaho ng SFDPH sa Panahon ng COVID-19: https://www.sfcdcp.org/rtw. Posibleng piliin ng mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na mag-atas ng dokumentasyon bilang pakikipagtulungan sa kanilang programa sa kaligtasan sa trabaho.

Mga Resource

Manatiling may alam. Mabilis na nagbabago ang impormasyon. Makikita ang mga kapaki-pakinabang na resource sa:

Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko ng San Francisco (SFDPH)

Gabay sa Publiko sa Panahon ng COVID-19
https://www.sfcdcp.org/covid19

Pagpapasuri para sa COVID-19
https://sf.gov/find-out-how-get-tested-coronavirus

Pagbalik sa Trabaho
https://www.sfcdcp.org/rtw

Kapag may tauhang nagpositibo sa pagsusuri sa COVID-19

www.sfcdcp.org/covid19-positive-workplace

Centers for Disease Control and Prevention (CDC)

Mga Pangkalahatang Madalas na Itanong para sa Negosyo (General Business Frequently Asked Questions)
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/general-business-faq.html

Mga Pansamantalang Rekomendasyon sa Pag-iwas at Pagkontrol sa Impeksyon para sa Mga Pasyenteng Pinaghihinalaan o Nakumpirmang May Sakit na Dulot ng Coronavirus 2019 (COVID-19) sa Mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan (Interim Infection Prevention and Control Recommendations for Patients with Suspected or Confirmed Coronavirus Disease 2019 [COVID-19] in Healthcare Settings)
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/infection-control-recommendations.html

Pagpapatupad ng Mga Kagawian sa Kaligtasan para sa Mga Manggagawa sa Kritikal na Imprastruktura na Maaaring Nalantad sa Isang Taong Pinaghihinalaan o Nakumpirmang May COVID-19 (Implementing Safety Practices for Critical Infrastructure Workers Who May Have Had Exposure to a Person with Suspected or Confirmed COVID-19)
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/critical-workers/implementing-safety-practices.html

Pansamantalang Gabay sa Pamamahala sa Sakit na Dulot ng Coronavirus 2019 (COVID-19) sa Mga Bilangguan (Interim Guidance on Management of Coronavirus Disease 2019 [COVID-19] in Correctional and Detention Facilities)
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/correction-detention/guidance-correctional-detention.html#verbal-screening

Pansamantalang gabay sa mga walang matirhan at Sakit na Dulot ng Coronavirus 2019 (COVID-19) para sa mga provider ng serbisyo para sa mga walang matirhan at mga lokal na opisyal (Interim guidance on unsheltered homelessness and Coronavirus Disease 2019 [COVID-19] for homeless service providers and local officials)
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/homeless-shelters/plan-prepare-respond.html

Gabay para sa Mga Programa sa Pangangalaga sa Bata na Nananatiling Bukas (Guidance for Child Care Programs that Remain Open)
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#ScreenChildren

Mga Manggagawa at Employer ng Meat at Poultry: Pansamantalang Gabay mula sa CDC at Occupational Safety and Health Administration (OSHA) (Meat and Poultry Processing Workers and Employers: Interim Guidance from CDC and the Occupational Safety and Health Administration [OSHA])
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/meat-poultry-processing-workers-employers.html

[i] Ang potensyal na pagkakalantad ay pinapakahulugan bilang malapit na pakikipag-ugnayan sa isang indibidwal na nakumpirma o pinaghihinalaang may COVID-19, hanggang 48 oras bago magkaroon ng mga sintomas ang indibidwal. Kasama sa malapit na pakikipag-ugnayan ang:

- paninirahan sa iisang bahay o pagiging magkarelasyon
- paggugol ng mahigit 10 minuto kasama ang tao nang may distansyang 6 na talampakan at walang suot na mask
- Direktang pakikipag-ugnayan sa mga likido sa katawan ng isang tao at/o mga secretion (hal., naubuhan o nabahingan, pagpapagamit ng mga utensil, o pagbibigay ng pangangalaga/pag-aalaga sa iyo nang walang suot na mask, gown, at gloves) .